REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-83A**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA BAYSIDE URBAN NEIGHBORHOOD ASSOCIATION OF MUNTINLUPA.**

********************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Dante S. Almario**

********************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas Republika Bilang **7160** partikular ang Seksiyon 34 ang Pamahalaang Lokal ay inaatasang maging bahagi ng pagtatatag ng mga Non-Governmental Organizations upang maging kabalikat sa pagpapaunlad ng Lokal na awtonomiya;

**SAPAGKAT,** bilang pagsunod sa itinatadhana ng nasabing batasat bilang pagsunod sa **Memorandum Circular No. 92-46** na ipinalabas ng **Department of Interior and Local Government,** ang Sangguniang Panglungsod ay nagpatibay ng isang Kapasiyahan (Bilang 92-27) kung saan ay nakapaloob ang mga kriteryang kinakailangang matugunan ng mga Non-Governmental Organizations at People's Organization sa paghingi ng akreditasyon sa nasabing lupon.

**SAPAGKAT,** kinikilala ang malaking tulong ng mga Non-Governmental Organizations at People's Organization sa pagbabalangkas ng panuntunan ng pag-ugit ng pamahalaan at sa pagbibigay sigla sa pangkomunidad na gawain;

**SAPAGKAT,** ang **Bayside Urban Neighborhood Association of Muntinlupa** ay nakasulit sa pamantayang hinihingi ng Sangguniang Panglungsod kung kaya't ang pagpapatibay ng aplikasyon nito para sa akreditasyon ay nararapat;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang aplikasyon ng **Bayside Urban Neighborhood Association of Muntinlupa.**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **06 Oktubre 1997**, **sa ginanap na ika-99 na Regular na Sesyon.**

SUMANG-AYON :

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. REYNALDO ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**Pahina -2-**
**Kapasiyahang Panglungsod Bilang 97-83A**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**LIBAN :**

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY. A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN :

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal/Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY :

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:_______________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196